San Diego Unified School District

EUGENE BRUCKER EDUCATION CENTER
4100 Normal Street, San Diego, CA 92103-2682

William A. Kowba
Interim Superintendent of Schools

Pebrero 2008

Mahal na Magulang/Tagapag-alaga:

Noong Sabado, Enero 19, magkaisang inihalal ng Board of Education si Dr. Terry Grier na maging susunod nating Tagapamahala. Sa loob ng susunod na ilang buwan, maglilingkod ako bilang Gumaganap na Tagapamahala samantalang lumilipat si Dr. Grier sa San Diego mula sa kaniyang kasalukuyang tungkulin sa North Carolina.

Sa panahon ng aking pagganap, nais kung tiyakin sa inyo na walang mahalaga sa akin kundi ang makapagbigay ng mataas na uri ng pag-aaral sa lahat ng mag-aaral. Nagpapasalamat ako sa inyong mga tulong na pag-aaral sa bahay at ang mahalagang katayuang inyong ginagawa sa pag-unlad ng ating mga paaralan.

Araw-araw, ang mga magulang ay gumagawa ng mabubuting gawain para sa ating mga paaralan. Ang ating layunin ay tiyaking ang mga magulang ay laging palagay ang pagtanggap sa mga paaralan. Mula nang simulan ang pagkukusang *Family Friendly Schools* noong nakaraang taon, nakita namin ang pagdagsa ng bilang ng mga magulang at ibang tumutulong sa paaralan, ng higit na napakaraming oras ng paglilingkod. Inaasahan namin ang inyong higit na pagtulong sa taong ito!

Sa loob ng ilang taon, ang San Diego Unified ay nakagawa ng maraming kapakinabangan. Nakapagpatayo tayo ng mga bagong paaralan at napaayos natin ang mga luma. Napabuti natin ang ating mga nagagawa at mga programa. Naipagpatuloy natin ang pananatili ng ating pondo. Itong ating mga nagawa ay nagpapatunay ng masinop na paggawa ng ating mga guro, mga punong-guro, mga mag-aaral, at mga kawani. Umaasa akong patuloy nating maitayo ang tagumpay sa ating pagkakaisang gumawa upang ang ating mga paaralan ay maging Pinakamahusay sa Amerika.

Sa mga sumusunod na buwan, dadalawin ko ang mga paaralan sa buong bayan ng San Diego. Umaasa akong makita at makausap kayo tungkol sa pag-aaral ng inyong anak.

Gumagalang,

William A. Kowba
Gumaganap na Tagapamahala ng mga Paaralan